REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY
REGION IV-A (CALABARZON)

BAGONG PILIPINAS

# PRESS RELEASE

## PSA CALABARZON nakiisa sa Serbisyong BAYANIHAN Caravan para sa Kapulisan at Kapamilya ng PNP

**Date of Release:** 22July 2024
**Reference No.** 2024-0400-PR36



*Director Charito C. Armonia with Chief PNP PBGen Rommel Francisco D. Marbil (left), PRO 4A Director PBGen Paul Kenneth T. Lucas (right) and PSA staff*



*PSA CALABARZON official and staff*

19 July 2024 – Kabilang ang Philippine Statistics Authority Region IV-A, sa pangunguna ni Regional Director Charito C. Armonia, sa mga ahensya ng gobyerno na nakiisa sa ginanap na Serbisyong Bayanihan Caravan para sa Kapulisan at Kapamilya ng PNP 4A noong 18 Hulyo 2024.

Ang PSA Region IV-A ay nakilahok sa caravan upang magbigay ng serbisyo sa mga pulis at miyembro ng kanilang pamilya na kukuha ng Philippine National ID at civil registry documents tulad ng birth, marriage at death certificate at CENOMAR. Kabilang din sa mga serbisyong ipinagkaloob ng PSA ay ang pagbibigay ng payo sa mga may problema sa National ID at birth certificate.

Ibinahagi ng PSA sa mga naging kliyente ang kahalagahan at benepisyo ng pagkakaroon ng National ID sa mga transaksyon sa gobyerno maging sa mga pribadong tanggapan. Ibinahagi din ng PSA ang implementasyon ng Digital National ID at ang paraan ng pag download nito gamit ang eGov app o ang national-id-gov.ph.

Dumalo sa pagdiriwang si PNP Chief PBGen Rommel Francisco D. Marbil kung saan naging pangunahing bahagi ng aktibidad ay ang pagbibigay niya ng sertipikasyon sa mga ahensyang dumalo at nagbahagi ng serbisyo sa caravan para sa kapulisan.

Sa kabuuan, may 13 pulis ang nag parehistro sa PhilSys, 134 aplikasyon para sa issuance ng birth, marriage at CENOMAR at higit 40 inquiries ang sinerbisyuhan ng PSA sa buong araw ng aktibidad.

Ang Serbisyong BAYANIHAN Caravan para sa Kapulisan at Kapamilya ng PNP 4A ay isinagawa sa PRO 4A Covered Court, Camp BGen Vicente P Lim, Calamba City

**CHARITO C. ARMONIA**
Regional Directo